
**Post-Synchronous na Gawain:**

Sa ating susunod na gawain, magagawa mong mapagtibay pa nang lubos ang iyong pagkaunawa sa nilalaman ng ating aralin. Upang magawa ito, sagutan ang gawain.

**I. Compare and Contrast Test:** Gamit ang Venn diagram sa ibaba, ilahad ang pagkakatulad at pagkakaiba ng talento at kakayahan. (5 puntos)



**II. Maraming Pagpipilian:** Basahin at unawaing mabuti ang bawat aytem. Isulat sa patlang ang titik ng tamang sagot.

______1. Alin sa sumusunod ang wastong pahayag tungkol sa talento?

A. Ang talento ay isang likas na kakayahan na kailangang tuklasin at paunlarin.

LIVEWORKSHEETS

B. Ang talento ay lumilitaw sa panahon ng kabataan.
C. Ang talento ay likas na umunlad kahit hindi ito pinapansin.
D. Ang talento ay nagagaya sa iba.

_____2. Bakit may mga taong nagsasabi na sila ay ipinanganak na walang talento?

A. Dahil hindi sila naglalaan ng panahon upang ito ay tuklasin
B. Dahil hindi pa panahon upang matuklasan nila ang kanilang talento
C. Dahil mayroon talagang tao na ipinanganak na walang talento
D. Dahil hindi nila kinikilala ang kanilang mga kakayahan na talento

_____3. Sa murang edad ay dapat ng matuklasan ang talento at kakayahan upang mahaba ang panahon ng pagpapaunlad nito. Ang pangungusap ay:

A. Tama, dahil ang patuloy at mahabang pagsasanay ang nagpapaperpekto sa talento at kakayahan ng tao.
B. Tama, dahil mas mahabang panahon ang maitutuon sa mga pagsubok sa talento katulad ng pagsali sa paligsahan at mga pagtatanghal
C. Mali, dahil walang takdang panahon ang pag-usbong ng talento.
D. Mali, dahil maaring magbunga ito ng pagkabagot at pagkasawa.

LIVEWORKSHEETS

_____4. Bakit mahalagang tuklasin at paunlarin ang mga angking talento at kakayahan?

A. Upang magkaroon ng tiwala sa sarili at malampasan ang mga kahinaan
B. Upang makapaglingkod sa pamayanan
C. Upang maisakatuparan ang mga tungkulin sa sarili at sa lipunan
D. Lahat ng nabanggit

_____5. Anong multiple intelligence angkop ang larangan sa pagtuturo, politika at pamamahayag.

A. Talinong Pang-wika
B. Talinong Intrapersonal
C. Talinong Lohikal o Pangmatematika
D. Talinong Pangkatawan

_____6. Talino sa pakikipag-ugnayan o interaksyon sa ibang tao at maki-isa sa isang pangkat.

A. Talinong Intrapersonal
B. Talinong Interpersonal
C. Talinong Pangkatawan
D. Talinong Lohikal o Pangmatematika

_____7. Mabilis na pagkatuto sa pamamagitan ng paningin at pag aayos ng ideya.

A. Talinong Eksistensiyal
B. Talinong Pang-wika
C. Talinong Pang-espasyo o Biswal
D. Talinong Pangkatawan

LIVEWORKSHEETS

_____8. Angkop sa mga ganitong talino ang maging mang-aawit, disc jockey, mangangatha ng tugtugin, manunulat.

A. Talinong Pangmusika
B. Talinong Interpersonal
C. Talinong Pangkatawan
D. Talinong Pangwika

_____9. Siya ang may akda ng teoryang "Multiple Intelligence".

A. Professor Erikson
B. Dr. Howard Gardner
C. Dr. Howard Simson
D. Professor Gardener

_____10. Ang mga sumusunod ay pagkakaiba ng talento at kakayahan maliban sa:

A. Ang talento ay isang pambihira at likas na kakayahan samantalang ang kakayahan ay kalakasang intelektwal upang makagawa ng isang pambihirang bagay.
B. Ang talento ay mula sa pambihirang katangian na minana sa magulang samantalang ang kakayahan ay tinataglay ng tao dahil sa kanyang kakayahang mag-isip.
C. Ang talento ay mahirap sukatin samantalang ang kakayahan ay tinataglay ng tao dahil sa kanyang kakayahang mag-isip.
D. Ang talento ay kusang lumalabas sa takdang panahon samantalang ang kakayahan ay kailangang dumaan sa proseso ng pagsasanay.

LIVEWORKSHEETS